# *MY GUY sa Malakanyang:* Ang mga Internal at Eksternal na Problema at Hamong Tinugunan at Kinaharap ng Administrasyon ni Pangulong Ramon Magsaysay

Jeremiah Montejo
Caloocan Historical and Cultural Studies Association
jjmontejo28@gmail.com

## Abstrak

Isa sa mga pinka-popular na personalidad sa larangan ng pulitika sa loob at labas ng bansa si dating pangulong Ramon del Fierro Magsaysay Sr. o mas kilala bilang *My Guy.* Nakilala siya dahil sa kanyang malikhaing *campaign jingle* na *mambo Magsaysay* noong 1953.Itinuturing bilang maka-masang pangulo dahil sa kanyang pagiging mapagkumbaba sa kabila ng kanyang posisyon sa pamahalaan. Isinilang at lumaki sa isang payak na pamumuhay sa munisipalidad ng Iba sa Zambales. Mula sa pagiging isang *working student* ay naitaguyod niya ang kanyang pamilya at sarili sa pamamagitan din nito ay nabigyan niya ng edukasyon ang sarili. Nagsilbi bilang isang sundalo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa 31st Infantry Division na Hukbong Katihan ng Pilipinas. Naging POW at nakatakas sa mga hapon at muling humarap sa mga labanan bilang isang gerilya na nagpasinaya sa kanyang *military career* nang pamunuan niya ang aabot sa 10,000 mga Pilipinong gerilya sa mga matagumpay na pagsalakay sa mga dalampasigan ng Zambales sa mga hapon noong 1944. Tumakbo siya sa pagka-kongresista sa Zambales at nanalo sa ilalim ng Liberal Party noong 1948. Pumasok si Magsaysay sa pulitika sa panahong kinikilala ito ng marami bilang nasa marumi at malalang estado- bilang isang *rising star* sa pulitika lumikha ng ingay si Magsaysay dahil sa kanyang angking kagalingan at karisma. Siya ang kumatawan sa mga serye ng diplomatikong misyon sa Estados Unidos. Itinuturing na napakahalaga ang papel ni Magsaysay bilang Kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa ng Pilipinas taong 1954 sa pagharap sa mga *Hukbalahap* na nagsasagwa ng mga pag-aaklas at kaguluhan sa kanayunan gayundin sa mga *lawless element* sa bansa. Nakatuon ang papel na ito sa mga panloob at panlabas na mga hamon na hinarap ng administrasyong Magsaysay at sa kung paano ito tinugunan, Ilalahad din sa papel na ito ang kinahinatnan at nagging pangmatagalang epekto nito sa Pilipinas.

MABINI REVIEW | Vol. XII (2023): pages 151-184
© 2023 Montejo, J.J. | ISSN 2012-2144

Mga Susing Salita: *Komunismo*, *Hukbong Sandatahan ng Pilipinas, Estados Unidos, HUKBALAHAP, SEATO*

## Abstract

One of the most celebrated personalities in the political arena, both domestically and internationally, is the 7th President of the Philippines Ramon del Fierro Magsaysay Sr., Most known as "My Guy." He gained mass support and almost a cult-of-personality status thanks to his unique campaign jingle, "Mambo Magsaysay," composed by Sen. Raul Manglapus in 1953. Despite holding the highest position in government, he is remembered as a president who look for and cared for the Common tao (common people) due to his down-to-earth personification. Tracing roots into his humble begginings being raised in simple way of life in the town of Iba in Zambales. Starting as a working student, he worked hard in order to support not only himself but also his family and obtain a proper education and work on for his future.

During the grim days of the Second world war, He fulfilled his duty and served as a soldier in the 31st Infantry Division of the Philippine Army. He was unfortunately captured and become a prisoner of war (POW) but managed to escape from his Japanese captors. Later, he led guerrilla movement involving up to 10,000 Filipino guerrillas, He distinguish himself for leading successful raids and launching series of attacks against the Japanese land and naval forces along the Zambales coast in 1944. Under the advice of his fellow guerilla compatriots he ran for a congressional seat under the Liberal Party in 1948 elections in Zambales and emerged victorious. Magsaysay entered the political arena during a time when it was widely perceived as incompetent, mundane and plagued by rampant corruption. As a new rising political figure known for his competence and charisma, he left a significant mark that shall be remembered by generations to come.

Magsaysay also took part on several diplomatic missions representing the Philippines in the United States of America most specifically for the reasons of raising the concerns of the filipino world war II veterans. His focal role played as the Secretary of the Department of National Defense in 1954 involved dealing with the Hukbalahap insurgents who were causing armed intrussion, banditry, violence and organized criminal acts in the far-flung areas across the nation, as well as addressing lawlessness within the country.Due to almost lack of regulation in loose firearms and armanents being held by former guerilla organizations turned criminal organizations. This article will be focused on the internal

and external challenges faced by the Magsaysay administration and how his governmental measures and responses on the said issues. The article will also explore the outcomes and enduring consequences of his administration policies in the Philippines.

Keywords: *Communism, Armed Forces of The Philippines, JUSMAG, HUKBALAHAP, SEATO.*

## Mga Internal na Problemang Kinaharap ng Administrasyong Magsaysay

Hinarap ng Pilipinas ang matinding problema ng mga serye ng insureksyon at rebelyon matapos and Ikalawang Digmaang Pandaigdig; isa sa mga ito ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon o Hukbalahap. Nasangkot ang mga *Huk* sa mga krimen gaya ng panununog, pagnanakaw, pagpatay, at pananabotahe sa mga mamamayan sa kanayunan at malalayong bahagi ng bansa partikular na sa mga mayayaman at mga panginoong maylupa. Ang mga pagkilos na ito ng mga *Huk* ay sinusuportahan ng mga magsasaka at pesante na dumaranas ng pagmamalupit at pansisiil ng mga panginoong maylupa kung kaya't isa itong magandang pagkakataon upang isulong ang kanilang mga subersibong *slogan* at mensaheng pampropaganda na *"Lupa para sa mga walang lupa*", "*Trabaho para mga walang trabaho*", at marami pang iba.[1]

Idagdag pa rito ang ilang kaso ng pang-aabuso sa kapangyarihan at hindi pagtupad ng tungkulin ng mga *security forces* ng estado. Ang mga sundalo ay naging bahagi ng mga *extra-judicial killing*s sa mga magsasaka, pesante, at mga kasamang manggagawa sa kanayunan na lumilikha o sumasapi sa mga unyon. Ang mga nabuong unyon at samahan ay humihingi ng reporma sa lupa at karagdagang benepisyo at umento sa kanilang porsyento o suweldo sa kanilang pagtatatrabaho sa mga lupaing pagmamay-ari ng mga *haciendero.*

Ang ilang mga opisyal ng hukbong sandatahan ay tila naging tuta at galamay ng mga mayayamang pamilya at *haciendero* at nagamit upang patahimikin, harasin, at patayin ang mga tumutuligsa

[1] Benedict J. Tria Kerkvliet, *The HUK Rebellion: A Study of the Peasant Revolt in the Philippines* (Ateneo de Manila University Press, 2014), 69-149.

at nakikibaka laban sa kanila. Sa madaling salita nagsilbing *private army* ng mga makapangyarihang pamilya, *haciendero*, negosyante, at mga pulitiko ang mga *security forces* na dapat sana ay magtatanggol at maglilingkod sa mga mamamayan. Ito ang dahilan kung bakit kinasangkutan ng kontrobesya at bumaba ang dignidad ng *officer corps* ng hukbong sandatahan sa paningin ng kanilang mga kapwa sundalo at sa mga mamamayan. Naging palasak na paksa ng mga peryodiko ang mga pang-aabusong ito at idagdag pa rito ang nepotismo at korupsyon sa loob ng Hukbong Sandatahan[2].

Naging talamak ang *padrino system* sa loob ng hukbo, naitataas ang ranggo ng mga sundalo hindi dahil sa kanilang kahusayan o sa kanilang serbisyong naibigay sa hukbo o *merit,* bagkus ay binase ito sa kanilang koneksyon sa mga matataas na opisyal na maaring may utang na loob o kaya naman ay *ritual kin* (compadre), o mayroong koneksyon sa kanilang pamilya.

Ito marahil ang dahilan kung bakit tila naging sistematikong negosyo ang pagpasok sa Hukbong Sandatahan ng mga anak at kamag-anakan ng mga negosyante at pulitko.

Maging ang mga *non-commissioned officer (NCO)* ay nasasangkot din sa korupsyon at mga pang-aabuso dahil na rin sa tila nakukunsinti o kaya naman ay ginagaya nila ang mga baluktot na gawain ng ilan nilang mga matataas na opisyal. Ang mga sundalong may mas mababang ranggo at mas mababang sahod na kadalasang nadedestino o naipapadala sa mga malalayong lugar ay nasasangkot sa mga serye ng pangingkil, pananakot, pagnanakaw, at maging sa mga pang-aabusong sekswal lalo na sa mga kababaihan. Isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi maganda ang imahe ng hukbo sa mga kanayunan. Ito rin ang isa sa pangunahing dahilan kung bakit may ilang mga lokal na komunidad na hindi aktibong nakikiisa sa mga kampanya ng militar laban sa mga insureksyon sa bansa[3].

Sinasabing ang lahat ng ito ay magbabago nang mailuklok si Ramon Magsaysay bilang Kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang

[2] Stanley Karnow, *In Our Image: America's Empire in the Philippines* (Ballantine Books.1989), 351-354.

[3] Glenda Gloria, *The Enemy Within: An Inside Story in Military Corruption* (Public Trust Media Group, 2011).

Pambansa noong ika-31 Agosto taong 1950 sa ilalim ng noon ay Pangulong Elpidio Quirino. Sa kanyang panahon ng panunungkulan nagsimula ang malawakang kampanya sa pagsugpo sa mga *Huk* na noon ay aktibong umiiral at nakikibaka laban sa mga *security forces* sa Tarlac, Laguna, Pampanga, at iba pang bahagi ng bansa. Ang kasanayan at karanasan ni Ramon Magsaysay sa mga labanan na nasa pormang gerilya ay kanyang natutuhan sa pakikipaglaban sa mga mananakop na Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sinasabing ito ang isang dahilan sa kanyang matagumpay na mga programa at *counterinsurgency efforts* laban sa mga *Huk*.

Malaki ang papel na ginampanan ni *CIA agent* at *liason officer* na si Edward Lansdale sa kampanya ni Magsaysay laban sa mga komunista. Bukod sa pagiging malapit na kaibigan at tagapayo ay tinulungan ni Lansdale si Magsaysay upang maging kilala at magkaroon ng pondo; upang lumikha ng pangalan sa larangan ng politika at pamamahala sa loob at labas ng bansa. Aktibo ding nakatuwang ni Magsaysay ang *Central Intelligence Agency* mula nang siya ay maging kalihim ng Tanggulang Pambansa hanggang sa makapagkampanya at magwagi bilang ika-pitong Pangulo ng Republika ng Pilipinas.

## Si Ramon Magsaysay Maikling Talambuhay

Lumaki si Magsasay sa isang payak na pamumuhay. Ang kanyang ama na si Exequiel Magsaysay ay isang panday at ang kanya namang ina na si Perfecta Fiero ay isang guro. Bagamat may kahirapan ay ipinagpatuloy niya ang patuloy na pag-aaral at pagpapaunlad ng sarili. Sinikap niyang makapagtapos ng pag-aaral subalit naudlot ang kanyang pag-aaral ng kursong *mechanical engineering* sa Unibersidad ng Pilipinas dahil sa kakapusang pinansyal. Kung kaya't pinagsabay niya ang pagtatrabaho at pag-aaral. Nakapagtapos siya sa Jose Rizal College (ngayon ay Jose Rizal University) sa batsilyer sa komersyo. Matapos nito ay nagtrabaho siya sa isang kumpanya ng mga pampasaherong bus. Nabigyan din siya rito ng pagkakataon upang maging *general manager.*

Sa pagpasok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naging bahagi siya ng 31st Infantry Division ng *Philippine Army.* Mapalad siyang nakaligtas ng apat na beses mula sa pagkakadakip ng mga puwersang Hapones. Kabilang siya sa mga nagtatag ng *Luzon Guerilla Forces.* Iginawad sa kanya ang ranggong kapitan taong 1942. Pinamunuan niya

ang 10,000 puwersang gerilya. Naging kilala ang kanyang hukbo sa pagkubkob at pananabotahe sa mga operasyon at panununog sa mga kagamitan at pasilidad ng mga Hapones. Taong 1945 nang pamunuan niya ang pagpapabagsak ng mga depensang pangbaybayin ng mga Hapon sa Zambales. Nagbigay daan ito sa matiwasay na pagdaong ng mga puwersang Amerikano at Pilipino na lumaban upang palayain ang kapuluan mula sa mga puwersang Hapones.

Matapos ang digmaan ay pinasok ni Magsaysay ang larangan ng paglilingkod sa pamahalaan at pulitika. Sa ilalim ng panghihikayat ng kanyang mga kasamahang gerilya'y sumapi siya sa Partido Liberal. Nagwagi bilang mambabatas noong 1948, pinili siya ni Pangulong Roxas bilang delegado ng Pilipinas sa Estados Unidos upang mahikayat na maisulong ang mga probisyon para sa benepisyo at pagkilala para sa mga beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang pagkakapasa ng *Rogers Veterans Bill.* Nagwagi siya muli para sa ikalawang termino bilang mambabatas taong 1949. Iniatas din sa kanya ang pamumuno sa Kumite ng Tanggulang Pambansa. Kinikilala ng marami ang kakayahan ni Magsaysay mula sa kanyang karanasan bilang isang gerilya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Taong 1950 nang italaga siya bilang kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa. Bagamat nasa pamahalaan ay may tinatamasa pa ring mataas na posisyon sa pribadong sektor si Magsaysay. Siya ang *general manager* ng *Manila Railroad Company* na lumikha ng mga pagbabago at pagpapalawak sa nasabing kumpanya. Isa sa kanyang plinano ay ang pagtatayo ng *Cagayan Valley Railroad Extension Project.*

Taong 1951 nang makarating sa kanya ang isang masamang balita na ang kanyang kaibigang si Moises Padilla ay pinahirapan at hinaharas ng mga tauhan ng gobernador ng Negros Occidental na si Rafael Lacson. Kaya't nagtungo siya sa nasabing probinsya upang tulungan ang kanya ring kaalyadong pulitikal. Sa kasawiang palad ay binawian na ito ng buhay pagkadating ni Magsaysay. Binitbit niya ito mula sa *plaza* ng bayan patungo sa morgue. Ang eksenang ito ay dokumentado at sinasabing magagamit niya sa kanyang pagtakbo sa pagkapangulo.

Buong sigasig na inilaban ni Magsaysay ang kaso laban kay Lacson at kanyang mga tauhan na sangkot sa pagpatay kay Moises Padilla. Nagwagi ang panig nila Magsaysay at napatawan ng bitay gamit

ang silya elektrika si Lacson at 22 sa kanyang mga tauhan. Taong 1953 ay nangampanya siya sa ilalim ng Partido Nacionalista. Inilaban niya ang kanyang puwesto bilang kandidato ng partido. Nagwagi siya sa halalan laban kay Elpidio Quirino. Siya ang kauna-unahang pangulo ng bansa na hindi kasapi ng Senado. Sinasabing ang kanyang pangangampanya ay suportado ng Estados Unidos at ng *Central Intelligence Agency* o CIA.[4]

## Ramon Magsaysay bilang Kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa

Sinasabing ang nagpatibay sa imahe ni Magsaysay ay ang kanyang posisyon bilang kalihim ng Tanggulang Pambansa. Dito ay nagpatupad siya ng mga reporma at mga pagbabago para sa hukbong sandatahan at mga kaugnay na ahensya at kagawarang pampamahalaan.

Isa na dito ang pagbibigay pansin sa pensyon at benepisyo ng mga sundalo at mga beterano; kung kaya't bilang kalihim ay kanyang sinubaybayan ang operasyon ng *Board of Pensions of Veterans* at pinasinayaan ang pagtupad sa mandato nito na magbigay ng 30 hanggang 100 pisong pensyon sa mga beterano. Sa isang kaganapan noong 1950 ay nakatanggap ng isang telegrama mula sa mga sundalo ng *Kampo Gen. Adriano Hernandez*, *Kampo Gen. Martin Delgado*, at *Kampo Col. Pedro Monteclaro* na 700 sundalo ang dalawang buwan nang hindi sumasahod. Matapos nito ay kaagad na nagtungo si Magsaysay sa mga nasabing mga kampo upang kausapin ang mga punong opisyal ng pananalapi ng kanilang mga base militar at binigyan sila ng 24 na oras upang ayusin ang mga problemang kinakaharap nito at sinabing tatanggalin sa posisyon ang kanilang mga pinuno kung hindi ito mareresolba. [5]

Nilalayon ni Magsaysay na bilang kalihim ng kagawaran ay makagawa siya ng hakbang upang muling maibalik ang tiwala ng taumbayan sa layunin at mandato ng mga *Philippine Constabulary* at ng Hukbong Sandatahan na gampanan ang kanilang tungkulin at ang

[4] Manuel Manahan, "Biographical Tribute to Ramon Magsaysay," *Reader's Digest (November,* 1987): 17-23.

[5] Primitivo Catalan, *Philippine Military Policy and Strategy, 1896-1971* (Office of Military History, GHQ, AFP, 1972), 72-89.

kumpiyansa ng mga mamamayan na kakayanin ng hukbo na ibalik ang kaayusan sa bansa at tuluyang masugpo at mapabagsak ang mga rebelyon sa bansa lalo na ang *Hukbalahap*. Batid ni Magsaysay na sa pamamagitan ng pagbabalik ng tiwala sa mga proyekto at layunin ng pamahalaan ang isa sa mga hakbang upang tuwirang makisangkot ang mga mamamayan sa layunin na pabagsakin ang mga *Huk* .

Kasabay din ito ng kanyang tangkang pagsasaayos ng mga alituntin at pagdidisiplina ng mga sundalo. Naging madalas, biglaan, at palihim ang kanyang pagbisita sa mga kampo militar upang inspeksiyunin ang *manual of arms*, iskedyul ng pagsasanay, iskedyul ng mga gawain sa kampo, inspeksyon sa mga arsenal, at sistema ng pagbabantay sa kampo. Sa loob ng tatlong buwan ng kanyang panunugkulan ay pinilit na libutin ang mga kampo militar gamit ang C-*47 transport planes*. Doon ay kanyang nakita ang ilang pagkukulang sa mga kampo, halimbawa ay ang hindi wastong pagsusuot ng uniporme ng mga sundalo at ang tila kawalan ng maayos na iskedyul ng mga sundalo na nasa *sentry duties*. Iginiit ni Magsaysay ang pangangailangan na maging handa ang mga sundalo at ang kanilang mga kampo sakaling salakayin ito ng mga kalaban. Ayon kay *Lt. Gen*. Jesus Vargas, nagkaroon ito ng malawakang implikasyon sa *AFP* sapagkat ipinalagay ng mga kampo sa Pilipinas na kahit anumang oras ay maaring mag-inspeksyon ang kalihim. [6]

Layunin ni Magsaysay na mabuwag ang *padrino system* at nepotismo sa loob ng Hukbong Sandatahan. Isa sa kanyang mga kontrobersyal na aksyon ay ang pagbalasa at malawakang *revamp* sa lahat ng mga opisyal ng *Philippine Constabulary* at sa Hukbong Sandatahan upang aniya ay makapagsimula muli ang mga hukbo. Iginiit ni Magsaysay na bagamat noon pang 1948 naipasa ang *RA 291* o *Personnel Act of 1948* ay hindi naging maayos ang implementasyon nito para sa mga opisyal ng Hukbong Sandatahan.

Isinaad ng probisyon ang mga pamantayan sa promosyon at pagkilala sa mga sundalong nagkaroon ng radikal na ambag at naging tapat sa kanilang mga sinumpaang tungkulin bilang mga sundalo. Subalit gaano man kaganda ang probisyon ay tila sa papel lamang ito nasusunod. Bagamat bilang isang dating gerilya noong Ikalawang

[6] Gen. Clemente P.Mariano, *Toward a Credible, Relevant, Trusted AFP*, (Philippine Free Press, 1998), p. 63-65.

Digmaang Panadaigdig ay ikinatuwa ni Magsaysay ang probisyon nitong nagsasaad na magkakaroon ng permanenteng ranggo ang mga sundalo, gerilya, pulis, at iba pang mga kawani ng Hukbong Sandatahan na tumugon sa kanilang tungkulin kahit na sila ay nagretiro na.[7]

Isa sa mga inalis sa puwesto ni Magsaysay ay ang kilalang beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaig at ang noon ay *chief of staff* ng Hukbong Sandatahan na si Heneral Mariano Castañeda na nagkamit din ng *Medal of Valor* noong 1948 matapos ipagtanggol at iligtas ang noon ay Pangulo ng Pilipinas na si Manuel Roxas mula sa tangkang pagpapatay sa kanya ng isang barbero na si Julio Guilien na naghagis ng granada sa *Plaza Miranda* noong 1947. Iniligtas ni Castañeda si Roxas sa pamamagitan ng pagsipa nito sa granada na ibinato sa entablado habang nanalumapati si Pangulong Roxas para sa gaganaping *Philippine Parity Rights plebiscite* kinabukasan. Para kay Ramon Magsaysay, si Castañeda ay isang mahusay na sundalo at pinuno bagamat aniya ay kinakailangan na maibigay sa mga mas nakababatang pinuno ang mga posisyon sa Hukbong Sandatahan upang maging handa sila at magkarooon ng karanasang humawak ng mga posisyong administratibo. Ngunit nakita ito ng ilang kritiko bilang pamemersonal ni Magsaysay dahil sa si Castañeda ang isa sa mga pangunahin kritiko ng mga reporma ni Magsaysay sa Hukbong Sandatahan na pumuna sa pagiging impormal ng estilo ng pamamahala ni Magsaysay. Bagamat malapit si Heneral Castañeda kay Pangulong Elpidio Quirino ay mas pinakinggan nito ang hiling ni Magsaysay na palitan si Heneral Castañeda bilang *chief of staff* at ipalit si Major General Calixto Duque bilang pinuno ng AFP. Ang pagkakataong iyon ang nagbigay kay Magsaysay ng imahe bilang isang maimpluwensya at makapangyarihang pinuno ng hukbo na maging ang mga heneral ay hindi maaring sumuway sa kanyang mga ipinag-uutos kahit na siya ay isang mayroon lamang na ranggong kapitan sa Hukbong Katihan dahil sa paglilingkod sa *41st Infantry division* [8].

---

[7] Peter Jaynul Villanueva Uckung, *Reforming the AFP Magsaysay's Foundation Theory in Neutralizing Insurgency*, (National Historical Commission of the Philippines, 2012).

[8] Lawrence Greenberg, *The Hukbalahap Insurrection: A Case Study of a Successful Anti-Insurgency Operation in the Philippines* (US Army Center of Military History, 1987), 70-80.

Matagumpay na inilunsad ni Magsaysay ang mga serye ng opensiba laban sa mga *Huk* sa porma ng *Operation Thunderstorm* noong 1950 at *Operation Marblehead* noong 1951. Kaagad naman itong sinuportahan ng administrasyong Quirino sa pamamagitan ng pagpasa ng *Executive Order No. 389 Reorganizing the Armed Forces of the Philippines* na nagbigay ng karagdagang kapangyarihan sa kalihim ng Tanggulang Pambansa na nagsasaad na ang lahat ng kanyang mga aksyon ay tutupdin din ng *chief of staff* ng Hukbong Sandatahan. Bagamat tila naging epektibo sa kanyang trabaho ay nagkaroon ng mga agam-agam ukol kay Magsaysay dahil sa kanyang malapit na koneksyon kay Edward Lansdale at sa mga Amerikanong sundalo sa ilalim ng *Joint United States Military Assistance Group* (*JUSMAG*).

Ito ang dahilan kung bakit may ilang kritikong nagsasabi na siya ay tuta ng mga Amerikano at may ilan naman na mga opisyal ng Hukbong Sandatahan ang tila nagtanim ng poot sa kanya dahil sa kanyang mapang-angking pag-uugali. Sa kabila ng mga alegasyon na ito ay matagumpay na nagwagi si Ramon Magsaysay sa halalan sa pagka-pangulo at tuluyang naupo bilang *commander-in-chief* ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas kung saan niya ipinagpatuloy ang kanyang layunin na isaayos ang hukbo at supilin ang mga *HUKBALAHAP*[9].

## Mga Pagbabagong Pang-Militar sa Administrasyong Magsaysay at ang Paglutas sa Insureksyon ng HUKBALAHAP

Ipinagpatuloy ni Pangulong Magsaysay ang mga kampaya upang tuluyang supilin ang mga *Huk* bilang bagong Pangulo ng bansa noong ika-10 ng Nobyembre 1953. Kagaya ng inaasahan, isa sa mga unang hakbang ni Pangulong Magsaysay ay ang pagsasaayos ng organisasyon at hirarkiya ng mga magiging pinuno ng Hukbong Sandatahan na magsisimula sa pinakamataas nitong opisyal, ang *chief of staff.* Kanyang itinalaga si *Lieutenant General* Jesus Vargas sa nasabing posisyon upang tugunan ang layunin ng kanyang administrasyon, ang putulin ang konsepto ng panghabambuhay na pamamahala sa nasabing posisyon. Isang sistema na naipakilala sa hukbo ng noon ay *chief of staff* na si Heneral Paulino Santos na naitalaga bilang panghabambuhay na pinuno ng hukbo.

[9] Agusto V. De Viana, *What they say about RM* (National Historical Commission of the Philippines, 2012).

Opisyal na ginampanan ni Vargas ang kanyang tungkulin noong ika-31 ng Disyembre 1953 upang maging kahalili ni *Major General* Calixto Duque. Bilang isang sundalo ay batid ni Pangulong Magsaysay ang konsepto ng mainam na pamumuno sa pananaw ng mga kapwa nito sundalo. Upang pataasin ang tiwala at moral ng mga sundalo sa kanilang *officer corps* ay iniatas ang pagtungo ng mga mismong matataas na pinuno sa mga larangan o mga *frontline.* Hindi na bago ang ganitong gawain kay Magsaysay noong siya pa ang kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa ay hindi na bago para sa mata ng publiko ang mga larawan na nagpapakita ng pagtungo ni Magsaysay sa *frontline* sakay ng isang *multi-role jet* upang markahan ang lokasyon ng mga *Huk* gamit ang mga *smoke grenades.*[10]

Ipinag-utos niya na ang lahat ng mga pinunong militar ay magkaroon ng direktang partisipasyon at karanasan sa pagtungo sa mga *frontline.* Ang mga magtatangkang sumuway dito ay kanyang pinagbabantaan na tatanggalan ng posisyon o kaya naman ay aalisan ng ranggo. Isinasagawa ito ni Magsaysay upang itaas ang moral ng mga sundalo na ang kanilang mga pinuno ay tuwirang nakikibahagi sa kanilang pakikipaglaban.

Kasabay din nito ang pagtatangka ni Magsaysay na buwagin ang korupsyon sa loob ng Hukbong Sandatahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkilala at pagbibigay promosyon sa mga sundalo base sa kanilang kahusayan at katapatan sa kanilang trabaho at ang paglilimita sa termino ng panunungkulan at madalas na pagpapalit ng mga pinunong militar upang maiwasan ang paglikha nila ng mas marami pang koneksyon sa loob at labas ng kanilang serbisyo. Ninanais ni Magsaysay na linisin ang hanay ng mga kasundaluhan at bigyan ng marangal na imahe ang hukbo at mga kabo ng *Philippine Constabulary* na madalas na naiuugnay sa mga pang-aabuso sa kapangyarihan at nagagamit din ng mga *Huk* bilang propaganda at bilang hustipikasyon ng kanilang nagpapatuloy na pakikipaglaban sa pamahalaan.[11]

Nagpatuloy din ang matinding suporta ng *Joint United States Military Assistance Group* (JUSMAG) sa pakikipaglaban ng pamahalaan

[10] Corina Carlos, *The Philippine Army: The First 100 years* (Headquarters Philippine Army, 1997), 121-128.

[11] Uldarico Baclagon, *Military History of the Philippines* (Saint Mary's Pub, 1975), 310-316.

sa mga *Huk* at iba pang mga rebeldeng grupo sa bansa. Malaki ang ambag ni Edward Lansdale na sinasabing konektado sa *Central Intelligence Agency* ng Estados Unidos at siyang nagbigay ng pondo kay Magsaysay upang magamit nito sa kanyang kampanya sa halalan sa pagkapangulo ng bansa. Malaki ang papel na ginampanan ng *JUSMAG* sa pagbibigay ng pinansyal na suporta gayundin sa aspektong taktikal. Ang *JUSMAG* at mga taga-payong pang-militar ang mga lumikha ng mga taktika at nagsanay sa mga sundalong Pilipino sa kung paano makikipaglaban sa mga rebeldeng grupo. Sa kumbensyal na pamamaraan ng pakikipaglaban ay naging suhestiyon ng mga Amerikano ang taktikang *scoarched earth policy;* isang taktikang pang-militar na naglalayong sunugin at sirain ang lahat ng istruktura at kutang maaring pamalagian at gawing tanggulan ng mga kaaaway. Ipinahayag ni Edward Lansdale ang pagsuporta sa ganitong taktika dahil ayon sa kanya, epektibo itong magagamit upang lupigin ang mga *Huk* sa pamamagitan ng kanyang tinatawag na *air dominance* laban sa mga ito at ito rin ay magsisilbing pamamaraan ng sikolohikal na pakikipaglaban dahil sa lubos na nakakapagpababa ng moral ng mga kalaban ang mga *airstrike* na halos sumisira at pumapatay sa kanilang mga kasamahan.

Isinagawa ng Hukbong Panghimpapawid ng Pilipinas ang mga *airstrike* sa mga kuta ng mga *Huk* na gamit ang mga *P-51D Mustang Fighters* at ilang mga *surplus fighter jets* na mula pa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang mga bomba at *napalm* ang karaniwang karga ng mga eroplanong pandigma na ginamit hindi lamang para sa mga *Huk* at iba pang mga rebeldeng grupo sa bansa. Sa pagpasok ng 1956 ay mas pinaigting naman ang *surgical airstrkes* kung saan mayroong ang mga *fighter jets* ay mayroong partikular na tudla sa mabilisang siklo ng pagsalakay at pambobomba. [12]

Binigyan din ng opisyal na kampo at mga pasilidad upang pagsanayan ang *1st Marine Battalion* ng *Philippine Fleet;* isang yunit ng Hukbong Pandagat na naitatag sa ilalim ng panunugkulan ni Magsaysay bilang kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa. Sinanay ng mga sundalo mula sa *JUSMAG* at *US Marine Corps* ang mga Pilipinong Marino upang magkaroon ng isang espesyal na yunit na makikipaglaban sa

[12] Eldon Luis G. Nemenzo, and Guillermo Molina, *The Philippine Air Force Story* (The Office, 1992), 150-180.

mga bagong *terrain* gaya ng katubigan, mga bakawan, at iba pa. Kasabay ito ng paghahanda ng hukbo sa pakikipaglaban at aplikasyon ng Amerikanong taktika ng *amphibious assault.*

Iniangkop ng Pilipinas ang mga sistema't pamamaraang pang-militar ng Estados Unidos sa pagnanais na palakasin ang hukbo. Ilan sa mga iniangkop na mga yunit ay ang *First Scout Ranger Regiment* na hinalaw sa *reconnaissance unit* na *Alamo Scouts* at *US Army Rangers.* Ang *Scout Rangers* na itututuring bilang isa sa mga pinakamahusay na yunit ng Hukbong Sandatahan ay sinanay sa *anti-guerilla*, *jungle warfare*, at mga *unconventional tactics* gaya ng pananambang sa mga kalaban.

Sa pamamagitan ng pinansyal na suporta ng Estados Unidos mula noong 1950 hanggang 1952 ay nalikha ang sampung mga *Battalion Combat Team* na binubuo ng mga yunit na kaagad na maipapadala sa mga labanan at mga opensiba laban sa mga kalaban. Ilan sa mga yunit na nalikha ay ang *2nd Battalion Combat Team* (Black lion), *14th Battalion Combat Team* (Avengers), at ang kilalang *motorized unit* na *10th Battalion Combat Team* (The Fighting Filipinos). Naging epektibo ang mga nasabing yunit sa mabilisang pag-aksyon laban sa mga *Huk*. Ang mga nasabing yunit ay naipadala pa bilang expeditionary units ng Pilipinas sa Korea at ang ilan naman ay sa mga operasyon kasama ang Estados Unidos sa Asya[13].

Ang pagkakaroon ng mga mahuhusay at propesyunal na mga yunit ang unang pagtatangka ng Pilipinas upang magkaroon ng sundalong kabilang sa *special forces* sa bansa at ipakita sa mundo na tuwiran nang mayroong nagsasariling Hukbong Sandatahan ang Pilipinas; bagamat binigyan ito ng kritisismo dahil sa pagiging tuta o instrumento ng *CIA* upang makamtan nito ang layunin na pigilan ang komunismo at ang paglawak ng impluwensya nito sa Asya Pasipiko. Bagamat iginiit ni Koronel Napoleon Valeriano na mainam na matuto ang Pilipinas sa pinakamahusay at pinakamakapangyarihang bansa sa mundo, ang Estados Unidos. [14]

[13] Daniel B. Schirmer, *The Philippines Reader: A History of Colonialism, Neocolonialism, Dictatorship, and Resistance* (South End Press, 1987).

[14] Headquarters Philippine Army, *Kawal, Pilipino; The Soldiers of the Philippines* (Infiniti Productions, 1995), 80-121.

Gumamit din si Magsaysay ng mga *unconventional tactics* upang tuluyang pabagsakin ang mga *Huk* na kaiba sa tradisyunal at kumbensyunal na pakikipaglaban. Ang pamamaraang ito ay nasasaklaw ng binuong balangkas ng gagawing *psychological warfare* ng Pilipinas na ipinayo ng *JUSMAG*. Ang *code name PSY OP* ang taktikang gumamit ng tinawag ni Magsaysay bilang *All-out Force or All-out Friendship* na nagsasaad na habang pinapasikhay ang opensiba sa mga rebelde ay gumagawa din ng hakbang ang pamahalaan upang buksan at bigyan ng maayos na buhay ang mga rebeldeng nagnanais magbalik-loob sa pamahalaan.

Nilalayon ng taktikang ito na destrungkahin ang ideya na nilalayon ng pamahalaan na saktan o sirain lamang ang buhay ng mga mamamayan bagkus ay upang bigyan sila ng maayos na kinabukasan upang silay makapagbagong buhay. Naisagawa ito sa pamamagitan ng *Economic Development Corps* o *EDCOR* na nagbigay ng pabahay, pinansyal na suporta, at hanapbuhay para sa mga sumukong mga rebelde. Kasabay din ito ng pakikiisa ng mga pahayagan sa pagbabalita sa mga mabubuting aksyon ng pamahalaan, isang halimbawa nito ay ang artikulo ng pahayagang the Philippine Free Press noong ika-29 ng Mayo 1954 na may pamagat na *HUKLINGS* kung saan ipinapakita na ang Presidential daughter na si Teresita Magsaysay ay nagtungo sa isang klinika kung saan ay inaalagaan ng pamahalaan ang mga naulilang anak ng mg *Huk.* Sa ganitong pamamaraan ay ipinapakita ng pamahalaan na kasinungalingan ang pag-iimahe sa kanila ng mga *Huk* bilang isa mapanira at mapang-aping pamahalaan. Sa ganitong pamamaraan ay naging epektibo ang pagbabalik ng tiwala ng tao sa pamahalaan at mga layunin nito.[15]

Ang aplikasyon ng stratehiyang *Fool 'Em, Fight, 'Em, Finish 'Em* ay nagbigay daan sa *Special Informations Operations* na naglalayong mangalap ng impormasyon ukol sa mga *Huk*. Ngunit sa pagsapit ng 1952 ay mabubuo ang isang lihim na yunit na tinatawag bilang *Force X* na ang pangunahing layunin ay makakuha ng mga impormasyon, makapasok sa kampo ng mga kalaban, makapanabotahe, makapanira ng kampo ng mga *Huk*, at makipag-ugnayan sa mga papasugod na

[15] Ma. Cielito G. Reyno, *Ramon F. Magsaysay from Anti-Communists Fighter to Warrior against Poverty* (Natonal Historical Commission of the Philippines, 2012).

mga kawal ng pamahalaan sa mga kampo ng kalaban. Ang *Force X* ay binubuo ng mga pinakamahuhusay na sundalo ng Hukbong Sandatahan na sinanay ng mga *CIA operatives* at ng mga *intelligence agents* ng *AFP*. Bukod sa kahusayan sa paghawak ng baril, paglikha ng mga granada, at kaalaman sa *code breaking,* at pananabotahe o paninira ng mga kuta.

May kaalaman ang mga ito sa mga gawi at pagkilos ng mga *Huk*, alam nila ang mga awitin at nilalaman ng mga babasahin ng mga *Huk*. Kabisado nila ang pamamaraan ng mga *Huk* kung kaya't matagumpay silang nagsilbi bilang mga *undercover agent* ng hukbo.

Nang malaman ng mga *Huk* ang pag-iral ng mga *undercover agent* sa kanilang mga kampo ay nagduda ang mga *Huk* sa mga kapwa nila *Huk*. Naging epektibo ang konsepto ng *military deception* gaya ng plinano ng *JUSMAG* at ang paglalagay ng takot at pangamba sa mga *Huk* na nagbigay daan sa internal na kaguluhan sa hanay ng mga *Huk.* Makikita ang isang kaso ng pagbabarilan ng dalawang kadre ng mga *Huk* mula sa Cordillera noong 1953 dahil sa pag-aakalang ang isa sa kanila ay *undercover agent* ng pamahalaan. Dahil sa takot na ito ay sinasabing hindi nagkaroon ng maayos na pagpupulong ang mga *Huk* at hindi nakagawa ng mga serye ng pagsalakay at pananambang, at naubos ang kanilang oras sa paghahanap sa kung sino ang mga miyembro ng *Force X* sa kanilang hanay.

Samakatuwid ay naging tagumpay ang planong ito ng pamahalaan. Nagbigay ng napakagandang imahe kay Magsaysay ang tagumpay na ito na naglagay sa kanyang pangalan hindi lamang sa mga aklat pangkasaysayan bagkus ay bilang representasyon ng isang pinuno na matagumpay na nakapagpabagsak sa mga komunista sa kanyang bansa at tanging Pangulo ng Pilipinas na nagreporma at nagbigay ng bagong bihis sa Hukbong Sandatahan at naghatid sa mailap nitong tagumpay laban sa mga *Huk*. [16]

Matapos ang matagumpay na *Operation Knockout* na nagsimula noong 1952 at natapos noong 1954 sa Panay, Iloilo, Capiz, at Antique ay hindi na tuluyang nakabangon ang mga *Huk* at nakapaglunsad ng mga

---

[16] Roland Simbulan, *The CIA's Hidden History in the Philippines* (University of the Philippines Press, 2000), 1-18 op.cit, Grant Bridgewater, *Philippine Information Operations during the Hukbalahap Counterinsurgency Campaign* (Joint Operations Information Center, 1999), 37-41.

opensiba. Lubos ding bumaba ang moral ng mga *Huk* nang mapatay ang pinuno ng mga *Huk* sa Visayas na si Guillermo Capadocia. Samantalang patuloy naman ang pag-atras ni Luis Taruc sa mga kabundukan Sierra Madre at Arayat upang maiwasan ang mga *air raid* at upang iwasan ang mga pangangampong ng mga puwersa ng pamahalaan. Batid ng mga *Huk* na ang pagkadakip kay Taruc ang siyang magbibigay ng hudyat sa tuluyang pagbagsak ng kilusan.

Taong 1953 ay inalis ng *Central Committee* si Luis Taruc dahil sa pagpapahayag nito sa isang pakikipanayam ng isang mamamahayag at emisaryo ng pamahalaan ng kanyang pagnanais na magkaroon ng kapayapaan at binigyan ito ng pagpapakahulugan ng *Central Committee* bilang pagpapahayag ng pagnanais na talikdan ang kilusan. Tuluyang nakumbinsi si Luis Taruc na sumuko sa pamahalaan matapos malipol ang marami sa kanilang mga kasamahan matapos ilunsad ng pamahalaan ang pinakamalaking opensiba laban sa mga *Huk*. Nagpadala ang pamahalaan ng 5,000 mga sundalo at 12 eroplanong pandigma na mula sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tumagal ng higit sa dalawang daang araw ang opensiba kung saan nagwagi ang pamahalaan ng Pilipinas at noong ika-17 ng Mayo 1954 ay sumuko si Luis Taruc sa pamahalaan matapos makumbinsi ng emisaryo ng pamahalaan na sina Manuel Manahan at Benigno Aquino. Dinala siya sa *Camp Murphy* kung saan siya humarap kay Pangulog Magsaysay at nilitis, at nahatulang makulong sa loob 12 taon.

Mayroong iilang mga *Huk* na sumuko alinsunod sa hiling ni Taruc na sumuko sila sa pamahalaan. Ang pagsukong ito ni Taruc ang naghudyat ng pagwawakas ng kilusan ng mga *Huk* bagamat ang ilan sa kanilang miyembro ay nagpatuloy sa pakikibaka at sumapi sa Partido Komunista ng Pilipinas na patuloy na makikibaka laban sa pamahalaan[17].

[17] Jeffrey H Norwitz, *Armed Groups: Studies in National Security, Counterterrorism, and Counterinsurgency* (Government Printing Office, 2008), 67-70 op.cit. Napoleon D. Valeriano, and Charles T. R. Bohannan, *Counter-Guerrilla Operations: The Philippine Experience* (Greenwood Publishing Group, 2006), 72-183.

## Mga Problemang Pang-agrikultura, Pang-imprastraktura, at Pang-ekonomiya

Isa sa mga tinutukan at tinugunan ng administrasyong Magsaysay ay ang reporma sa lupa dahil sa isa ito sa mga minana niyang problema mula pa sa mga nagdaang administrasyon. Maiuugat ang mga popular na pag-aaklas sa mga kanayunan sa mga pang-aabuso at kawalan ng oportunidad at tila pagsasawalang bahala ng pamahalaan sa sektor ng mga mahihirap partikular na sa mga manggagawa at magsasaka sa kanayunan. Sa kanyang unang *State of the Nation Address* noong ika-25 ng Enero taong 1954 ay kanyang ipinahayag ang pagnanais na pagtuunan ng pansin ang sektor ng agrikultura na siyang isa sa mahalagang industriya sa bansa.

Kasabay din ito sa pagpapatunay ng kanyang titulong Pangulo o kampyon ng masa. Nagsimula ang kanilang mga hakbangin sa pagpasa ng *Republic Act 1400* o ang *Land Reform Act of 1955* na nagsilbing balangkas sa mga repormang pang-agraryo sa bansa. Isinaad din sa nasabing batas ang pagbibigay at pamamahagi ng mga lupa sa mga magsasaka at mga kasama. Ito ang pangunahing tugon at ayuda ng pamahalaan sa mga nadamay sa kaguluhan at sa mga rebeldeng *Huk* na sumuko at nagbalik loob sa pamahalaan. Isa ang mga repormang pang-agraryo sa mga dahilan ng pagsuko at pagbaba ng armas ng mga rebelde. Nagpatuloy ang trabaho ng *Economic Development Corps* at ang katuwang nitong kumite, ang *National Resettlement and Rehabilitation Administration* upang magbigay ng mga trabaho, lupa, at panuluyan sa mga rebeldeng nagbalik loob sa pamahalaan at piniling muling mamuhay bilang karaniwang mamamayan. Nagamit ito ni Magsaysay upang bigyan ng magandang imahe ang pamahalaan at bigyan ng masamang imahe ang mga *Huk*. Bukod sa nabigyan ng pagkakataong muling makapagsimula ang mga rebelde ay nakatulong din ito upang matulungan ang produksyon ng bigas at ibang *cash crops* at *food crops* partikular na sa Mindanao at Palawan.[18]

Ang *Agricultural Tenancy Commission* at *Court of Agrarian Relations* ang namamahala sa mga pagmamay-ari at pagsasaayos ng

[18] Ramon Magsaysay, "Ramon Magsaysay, First State of the Nation Address", *January 25, 1954, Official Gazette of the Republic of the Philippines,* https://www.officialgazette.gov.ph/1954/01/25/ramon-magsaysay-first-state-of-the-nation- address-january-25-1954 (accessed 2018).

lupain. Sa pagtutulungan ng pamahalaan at ng dalawang organisasyon na ito'y nalikha ang batas na sinasabing isa sa mga pinakamalaking kontribusyon ng administrasyong Magsaysay, ang *Agricultural Tenancy Act of 1954,* na naglalayong bigyan ng kakayahan ang mga magsasaka ng sistema ng *tenancy* o pakikisama sa lupang kanyang pagtatrabahuan at pagtataniman upang maiwasan ang kanyang pagkalugi. Nilayon din nitong bigyan ng proteksyon ang mga magsasaka mula sa mga pang aabuso na maari nilang kamitin. Nilalayon din nito na bigyan ng maayos na kasunduan at relasyon ang mga magsasaka, kasama, at mga may-ari o panginoong maylupa, at kung sakaling magkaroon ng problema ay maari silang dumulog sa *Court of Agrarian Relations,* isang espesyal na korte na nakatuon lamang sa mga usaping pang-agraryo, sapagkat kung ito'y nasa normal na korte lamang ay maari itong matagalan bago ito maresolba.[19]

Nais ng administrasyon na bigyan ng *food security* ang bansa dahil sa ito ang pinakamahalagang tungkulin na dapat gampanan ng pamahalaan at isa sa mga hakbang upang isagawa ito ay siguruhin na magkakaroon ng kapital upang makapananim at upang mabuhay sa pang araw-araw nilang buhay, idagdag pa dito ang pagnanais na itaas ang ekonomiya at kita ng pamahalaan mula sa mga baryo at kanayunan. Kung kaya't nagtatag ang pamahalaan ng mga organisasyon at mga korporasyong naglalayong maging kaagapay ng mga magsasaka at mga mamamayan sa kanayunan; isa sa mga ito ay ang *Farmers Cooperative and Marketing Association* o FACOMAS at *Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration* o ACCFA na nakakatulong sa mga magsasaka sa pinansyal na gastusin gaya ng krudo para sa mga makina, mga pasilidad upang maging produktibo ang produksyon, mga pataba sa lupa, at mga pautang para sa kanilang kapital upang makapagbebenta sila ng mga produkto sa mga karatig nilang bayan. Upang tutukan ang mga proyekto sa pagsasaayos sa mga kanayunan ay itinatag ang *Presidential Assistant on Community Development* na pinamumunuan ni Ramon Binamira.[20]

Personal na nagtungo si Pangulong Magsaysay sa mga kanayunan upang makipamuhay at personal tinugunan ang ilang mga

---

[19] Lydia Garcia, *Mga Pangulo ng Pilipinas* (Anvil Publishing Inc., 1999), 50.

[20] Lewis Gleeck, Jr., *The Third Republic: 1946-1972* (Quezon City, New Day Publishers, 1993), 161-162

problema sa nasabing mga lugar. Tinupad ni Magsaysay ang kanyang pangako na paunlarin ang mga lugar na rural, tulad ng pagpapatayo ng mga kalsada, upang mapabilis ang paglalabas ng mga produktong naani at upang hindi ito masira; gawing modernisado ang agrikultura, at maayos ang irigasyon at tubigan sa mga baryo sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga *artesian wells*. Kasabay ito ng paglikha ng mga ahensya na tututok sa mga problema sa kanayunan gaya ng *Philippine Rural Reconstruction Movement* (PRRM), *Land Settlement and Development Corporation* o LASEDECO, *Court of Agrarian Relations,* at *Community Development Planning Council* (CDPC). Sa tulong din ng ibang mga *civic organizations* gaya ng *Lions Club* at *Liberty Wells Association* ay sinubukan ng pamahalaan na tutukan ang pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan ng mga baryo upang maiwasan ang mga sakit at iba pang mga karamdaman. Upang tuwiran namang pag-aralan at solusyunan ang pangkalahatang problemang pang-ekonomiya ng bansa ay kanyang pinalakas ang *National Economic Council* na susuportahan ng *Social Welfare Administration* na siya namang tututok sa mga pangangailangan ng mga mahihirap at kapus-palad.[21]

Nagbigay ito ng makinang na imahe kay Magsaysay bilang maka-masa at *down-to-earth* na Pangulo. Bagamat nakapagbigay ito ng mga bagong proyekto at pasilidad sa mga kanayunan ay kinasangkutan ito ng mga kontrobersya. Ayon sa mamamahayag na si Stanley Karnow marami sa mga proyektong naipatayo gaya ng mga *artesian wells* at poso ay *substantial* na posibleng minadaling matapos upang maisabay sa pagdating ng Pangulo. Nagamit ang sistemang ito upang mailayo ang mga nasa kanayunan sa propaganda ng mga rebelde. Nagamit ni Magsaysay ang mga *rural improvements* na ito bilang isang pamamaraan ng propaganda upang iwaksi sa isipan ng mamamayan ang maka-elitistang imahe ng pamahalaan at nagamit din ito upang pasukuin ang mga rebelde at bigyan sila ng bagong buhay.[22]

[21] Sonia Zaide, *The Philippines: A Unique Nation with People Power Two Supplement* (All-Nations Publishing, 1999), 359-360.

[22] Stanley Karnow, *In Our Image: America's Empire in the Philippines* (Ballantine Books, 1989), 385-388.

## Korupsyon, Nepotismo Pagkawala ng Tiwala at Kumpiyansa ng Taumbayan sa Pamahalaan

Ang korupsyon, *compadre system*, nepotismo, at lantarang pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga tagapagpatupad ng batas–mga pulitiko at kawani ng pamahalaan ang itinuturong dahilan kung bakit nawalan ng tiwala ang mga mamamayan sa pamahalaan. Nabuo ang imahe ng mga pulitiko bilang mga elitist–mga marangya na walang pakialam sa mga mamamayan nito na may hiwalay o may malaking agwat sa masa. Magbabago ito sa pagdating ni Magsaysay nang manumpa siya bilang pangulo sapagkat isa sa kanyang mga unang *executive order* ay ang pagbubukas ng tarangkahan ng Malacañang sa mga karaniwang mamamayan kasabay ng pag-alis sa salitang *palace* sa titulo ng *Malacañang Palace.*

Ipinagbawal din niya ang pagpapangalan sa kanya sa mga *plaza*, kalsada, o sa anumang mga proyektong pang-imprastraktura ng pamahalaan. Hiniling niya din na siya lamang ay tawagin sa pinaka simpleng pamamaraan. Hindi niya pinayagan na siya ay bigyan ng pagkilala bilang *His Excellency* o *Honorable* bagkus ay tawagin na lamang siya bilang *Mr. President* o kaya naman ay Presidente Magsaysay. Pinasimulan din niya ang pagsusuot ng barong tagalog sa mga kawani ng pamahalaan bilang pamamaraan ng pagpapakita ng pagiging payak at maka-Pilipino ng mga kawani ng pamahalaan.

Sa malimit na pagkakataon ay mag-isa lamang siyang lumalabas upang makapaglibang o mamasyal. Nakakalabas siya ng wala ang kanyang *presidential seurity guards* at nakapostura lamang sa simpleng pananamit, madalas niyang suot ang *aloha shirt,* walang magarang damit at naka-tsinelas lamang. Hindi niya ninanais na maging iba sa kanyang mga nasasakupan dahil ninanais niyang makita ng taumbayan na siya ay kanilang manlilingkod at kaibigan at hindi dapat na nalalayo sa antas ng kanyang mga nasasakupan at hindi maaring mabigyan ng espesyal na trato. Siya ay nagnanais na pag-ugnayin ang mga mamamayan at ang pamahalaan upang magkasama nilang matugunan at masolusyunan ang mga problema at isyu ng bayan.[23]

[23] Conrado F. Estrella, *"Remember Magsaysay", Manila Daily Bulletin*, (August 31, 1987). Accessed on 2018.

Sinimulan din ni Pangulong Magsaysay ang kanyang kampanya laban sa korupsyon. Kung minsan ay nagpapanggap siya bilang karaniwang mamamayan upang masaksihan mismo ang mga katiwalian ng mga kawani ng pamahalaan. Nilikha ang *Presidential Complaints and Action Committee* (PCAC) ni Pangulong Magsaysay upang magbantay at sugpuin ang korupsyon at kriminilidad ng mga pinuno at kawani ng pamahalaan. Binuksan din niya ang nasabing organisasyon sa mga sumbong ukol sa pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga nasa pamahalaan. Madalas niyang pinapalitan ang mga kawani ng pamahalaan upang hindi ito makatagal sa puwesto at hindi magkaroon ng koneksyon sa iba pang mga kawani na maaring pagmulan ng korupsyon at nepotismo.

Ang *Philippine Constabulary* at Hukbong Sandatahan ng Pilipinas ang madalas na magkaroon ng mga kaso ng nepotismo, ngunit sa pagpasok ni Magsaysay ay unti-unti itong nabawasan. Maging ang kanyang mga kamag-anak at kapamilya ay hindi niya hinayaan na magkaroon ng ispesyal na trato, sa katunayan ang kanyang kapatid na isang abogado ay kanyang pinagbawalan na humawak ng anumang kaso na may kinalaman sa pamahalaan. Ito ay isang pamamaraan ni Magsaysay upang ipakita sa mga mamamayan na siya ay seryoso sa kanyang kampanya laban sa nepotismo at korupsyon kung saan siya ang pangunahing modelo o halimbawa ng pamantayang ito na kanyang ipinapatupad. Sa pamamagitan nito ay nagkaroon ng tiwala ang mga mamamayan sa pangulo at kanyang pamahalaan. Lumikha ito ng imahe ni Magsaysay bilang isang mabuti at huwarang pangulo. Sinasabing napabuti din ang serbisyo sa mga mamamayan ng mga tanggapan ng pamahalaan dahil sa pagpapalagay na mayroong PCAG na nagmamasid sa kanila. Ang pagtingin na ito kay Magsaysay ang lumikha ng maka-masa at ideyal na *personality cult* para kay Magsaysay. [24]

## Mga Base Militar ng Estados Unidos sa Bansa

Ang isyu sa mga base militar ng mga Amerikano sa Pilipinas ay isang napaka-init at sensitibong isyu na kinakaharap ng Pilipinas sa kanyang administrasyon. Hati ang pagkiling at pananaw ng mga Pilipino

[24] Jose Abueva, *Ramon Magsaysay: "Servant Leader" with a Vision of Hope* (Ramon Magsaysay Award Foundation and Center for Leadership, Citizenship, and Democracy, NCPAG-UP, 2012), 50, 112-115.

ukol dito. Malinaw kasi na ayon sa *Military Bases Agreement of 1947* na mayroong karapatan ang Estados Unidos na kontrolin at magkuta sa 23 base militar ng Amerika sa Pilipinas at kung magkakaroon ng *military necessity* ay magagamit nila ang pitong stratehikong base na pagmamay-ari ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas. Ang proteksyon ng mga isla sa pananalakay ng ibang mga bansa, at mga banta sa seguridad ng Pilipinas at mga kaalyado ng Estados Unidos sa rehiyon ay isa sa mga hustipikasyon na ibinibigay ng Estados Unidos upang mapanatili at magpatuloy ang mga base nila sa bansa. Ngunit sa kabilang banda, may ilang gaya nina Claro M. Recto na naniniwalang ang mga base na ito ay nagpapakita na hindi pa tuwirang malaya ang Pilipinas at patuloy itong nasa ilalim ng gahum ng Estados Unidos at isang uri ng paglalapastangan sa pambansang soberanya ng bansa.

Sa kaso ni Pangulong Magsaysay, malinaw ang kanyang pagkiling sa pananatili ng mga base militar ng mga Amerikano sa bansa upang makatulong sa paggapi sa mga rebelde sa bansa at upang sanayin ang mga Pilipino sa moderno at napapanahong pamamaraan ng pakikipaglaban. Upang tugunan ang ilang mga isyu ukol sa tila hindi pagkilala ng mga Amerikanong sundalo sa mga Pilipinong opisyal ay ang pagbibigay ng alituntunin sa mga Pilipinong opisyal na kasapi sa *JUSMAG* ukol sa kanilang mga karapatan at ang *Standard Operating Procedures* sa kanilang pakikisalamuha sa mga Amerikano. Halimbawa nito ay ang pagsaludo ng mga Amerikano sa mga Pilipinong opisyal at pagtaas ng watawat ng Pilipinas sa mga base ng mga Amerikano. Ipinadala si Carlos Garcia sa isang *diplomatic mission* sa Estados Unidos upang linawin at talakayin ang *diplomatic ties* at *military intervention* ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas.[25]

Matapos ang *diplomatic mission* na ito, napagkasunduan nina *U.S. Secretary of State Dean Rusk* at *Philippine Foreign Minister* Narciso Ramos ang pagtatapos ng mga base militar noong 1991, kung saan magkakaroon ng karapatan ang mga Pilipino sa mga base militar na iiwan ng Estados Unidos. Ang konsepto ng pagbabayad ng Estados Unidos ng renta sa lupang pinag-tayuan at kinatatayuan ng kanilang base militar ay unang iminungkahi ng isa sa mga probisyon ng *Bohlen-Serrano Agreement* at magsisilbi ding batayan ang kasunduan na ito

[25] Astri Suhrke, "US-Philippines: The End of a Special Relationship," *The World Today* 31, no. 2 (1975): 80-88.

sa mga susunod pang *Military Bases Agreement* gaya ng 1975 *Ford – Marcos Agreement* at iba pa. Sa pamamagitan din nito ay nagsimula ang konsepto ng pagpapaikli ng mga taon ng pamamalagi ng mga Amerikano sa bansa. Hindi man nito tuwirang napaalis ang mga base militar ng mga Amerikano sa bansa ay nabigyang-tugon naman ang mga isyu gaya ng hindi pantay na pagtrato sa mga Amerikano at Pilipinong sundalo. Mauugat ito sa konsepto ng "utang na loob" at "respeto" sa mga Amerikanong sundalo na nagsasanay sa kanila.[26]

## Mga Eksternal na Problemang Kinaharap ng Administrasyong Magsaysay

### Ang Reparations Agreement sa Japan at Pilipinas

Bagamat mayroon nang mga naunang usapan ukol sa pagbabayad ng danyos ng Japan sa Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmang Pandaigdig ay iginiit ng administrasyong Magsaysay na hindi tuwirang naibigay ng Japan ang nararapat na danyos upang muling maisaayos ang bansa. Tinugunan ito ng administrasyong Magsaysay sa pamamagitan ng pagpapadala ng *Philippine Reparations Survey Committee* sa Japan sa pamumuno ni *Finance Secretary* Jaime Hernandez upang pag-aralan ang mga posibleng maging hakbang ng Pilipinas at Japan para tugunan ang isyu. Ipinadala na din si Ambassador Felino Neri sa Tokyo noong 1955 upang kausapin ang mga punong ministro ng Japan, sa gayon ay maging bukas ang Pilipinas sa mga kompromiso at kondisyon ng Japan sa Pilipinas. Layunin ng misyon na magkaroon ng patas na usapan ang magkabilang panig. Naging matagumpay ang usapan na naging dahilan upang mapirmahan ang *Neri-Takazaki Agreement* bilang batayang batas sa mas komprehensibong kasunduan.[27]

[26] Stephen Rosskamm Shalom, *The United States and the Philippines: A Study of Neocolonialism* (Institute for the Study of Human Issues, 1981), 60-65.

[27] Ramon Magsaysay, "Press Statement: President Magsaysay on the Signing of the Reparations Agreement between the Philippines and Japan," *Official Gazette of the Republic of the Philippines* (1956), https://www.officialgazette.gov.ph/1956/05/09/press-statement-president-magsaysay-on-the-signing-of-the-reparations-agreement-between-the-philippines-and-japan/ (accessed 2018).

Naging matagumpay ang pagtataya ng kumite sa kanilang *case study* sapagkat nalikha ang *Reparation Agreement* na nagsasaad na nagkasundo ang dalawang bansa na magbabayad ang Japan ng danyos na $550 *million* sa loob ng 25 taon sa porma ng mga kagamitan, makinarya, kagamitan, *technical assistance*. Ang ilan naman ay para sa pagapapautang sa mga pribadong negosyo at iba pa. Matuturing din na isa itong matagumpay na *bilateral agreement* sapagkat sumang-ayon ang parehong bansa. Lumikha ito ng imahe ni Magsaysay bilang tanging pangulo ng kanyang panahon kung saan matagumpay na nagkaroon ng *reparations agreement* ang Japan at Pilipinas. Makikita din na ito ang nagpasimula ng pagpapadala ng ayuda at pagtulong sa pamamagitan ng ODA o ang *Official Development Assistance* ng *Ministry of Foreign Affairs* ng Japan sa Pilipinas na patuloy na mapapakinabangan ng bansa hanggang sa kasalukuyan.[28]

## Ugnayan ng Republika ng Pilipinas at Estados Unidos

Bilang isang malayang bansa ay maituturing na isang suliranin ang nagpapatuloy na hagum ng Estados Unidos sa Pilipinas. Ang pagkontrol ng Estados Unidos sa ibang mga aspetong pang-ekonomiya ng Pilipinas gaya ng *exchange rate* ng piso at dolyar at yung pagbubuwis sa mga kalakal na pumapasok sa loob at labas ng bansa alinsunod sa *Bell Trade Act* ay isang hamon na ninanais tugunan ng administrasyong Magsaysay. Upang lutasin ito ay nagkaroon ng negosasyon sa pagitan nina Senador Jose P. Laurel at James M. Langley noong December 1954 kung saan matagumpay na nagkasundo at nagpirmahan ang dalawang panig ukol sa balangkas ng *Laurel-Langley Agreement* na nagsilbing pamalit sa *Bell Trade Act*. Napagkasunduan na aalisin ang sistema ng malayang kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos. Inalis din nito ang kontrol ng Estados Unidos sa palitan ng piso at dolyar at nagbigay ng karagdagang buwis sa mga produkto mula sa Pilipinas na bibilhin ng mga Amerikano. Nagbigay din ito ng *quota* at limitasyon sa bilang ng mga produktong bibilhin o ie-*exploit* ng mga Amerikano. Halimbawa nito ay ang pag-alis sa *sugar quota* at karagdagang buwis sa *abacca* mula sa Pilipinas.[29]

---

[28] Aileen San Pablo Baviera, and Lydia N. Yu-Jose, *Philippine External Relations: A Centennial Vista* (Foreign Service Institute, 1998), 325-328.

[29] Aurelio Calderon, *The Laurel-Langley Agreement: A Critically Annotated and Selected Bibliography* (De La Salle University Press, 1979), 139-140.

Noong ika-01 ng January taong 1956, ay sinimulan ng mga Pilipino na gumawa ng mga hakbang upang maging malaya sa mga Amerikano sa pang-ekonomikong aspeto. Nagbigay ito ng lugar sa mga Pilipinong negosyante ng pagkakataon na makapagluwas ng kalakal at serbisyo sa iba pang mga bansa gaya ng Japan at iba pa. Bagamat nagnanais ang kasunduang ito na lumaya sa kontrol ng mga Amerikano ay binigyang-diin sa kasunduang ito na hindi tuwirang bibitiwan o titigil ang relasyong pang-ekonomiko ng Pilipinas sa Estados Unidos; isang pamamaraan upang ipakita sa mga kritiko at oposisyon na mayroong makabayan at maka-Pilipinong *foreign at trade policy* ang administrasyon. Ipinapakita din nito ang unti-unting paglaya ng Pilipinas na mayroong *dependent economy* sa mga Amerikano. Nilalayon na paunlarin ang industriya at teknolohiya na magagamit sa produksyon ng mga hilaw na sangkap.[30]

## Ang SEATO bilang Tugon sa Paglawak ng Komunismo sa Timog Silangang Asya

Ang paglaganap ng komunismo sa daigdig at ang unti-unting paglawak ng gahum komunismo sa Asya ay maiuugat sa matagumpay na pagpasok ng mga *commintern agents* mula sa *Soviet Union* na siyang dahilan sa tila pagkahati ng mundo sa dalawang bloke ang *Eastern o Soviet Bloc* at ang *Western Bloc.* Panahong din ito ng *Cold War* kung saan ay patuloy na nagtutunggali ang Estados Unidos at ang Soviet Union sa pagpapalawak ng impluwensya sa buong mundo sa aspetong pulitikal, ekonomikal, at panlipunan.

Umiiral ang *red scare* sa mga bansang kumikiling sa Estados Unidos at nagtutungo ang mga *commintern agents* ng *Soviet Union* sa iba't-ibang mga bansa upang suportahan ang mga *communist movements* sa daigdig. Samantalang gumamit naman ang Estados Unidos ng *containment policy* o ang literal na pagsunod o pagpasok at pangingialam ng Estados Unidos sa mga bansang napasok ng komunismo. Kadalasang sinusuportahan ng Estados Unidos ang mga diktador at ang mga bansa na nagnanais na patalsikin ang komunismo. Nanatili din ang mga *CIA agents* ng Estados Unidos sa mga bansang mayroong *communist insurgency* upang sanayin at suportahan ang

[30] Jose Veloso Abueva, *Ramon Magsaysay: A Political Biography* (Solidaridad Publishing House, 1971), 395-400.

kanilang mga Hukbong Sandatahan upang pabagsakin at lupigin ang mga komunista. Sa pagtatagumpay ng mga *communist insurgency* sa Korean Penuinsula, Indochina, at ang pagkatalo ng Kuomintang sa Partido Komunista ng Tsina sa pamumuno ni Mao Zedong ay umusbong ang matinding pagkabahala ng mga Europeong bansa sa posibleng pagkalat at pagtatagumpay ng komunismo sa Asya; kung kaya't napagdesisyunan ng Australia, France, New Zealand, Pakistan, Pilipina, Thailand, United Kingdom, at ng Estados Unidos na pirmahan ang *Southeast Asia Collective Defence Treaty* noong ika-4 ng Setyembre 1954 na siyang lumikha sa *Southeast Asia Treaty Organization* (SEATO) noong ika-8 ng Setyembre 1954 sa Bangkok, Thailand na naglalayong pigilan ang paglawak ng komunismo sa Timog Silangang Asya at mga karatig nitong rehiyon.[31]

Iginiit ni Pangulong Dwight Eisenhower na ang pagbagsak ng isang bansa sa komunismo ang maaring maging dahilan ng pagbagsak ng isa pang bansa hanggang sa tuluyan na nitong pabagsakin ang lahat ng bansang naniniwala sa demokrasya. Maihahalintulad ito sa isang *domino* na kung babagsak ang isang piraso ay magdudulot ito ng pagbagsak din ng iba pang mga piraso; tinawag ito bilang *domino effect theory*.

Nilalayon ng mga Amerikano at bansang kaalyado nito na lumikha ng isang alyansang pang-militar na naglalayong magtutulungan upang labanan ang komunismo sa rehiyon at mga banta sa seguridad sa kani-kanilang mga bansa. Layunin din nito na magbigay ng *grants* upang mapondohan ang mga proyektong pang-imprastraktura at pang-ekonomiya sa kanilang mga kaalyadong bansa. Bukod sa pagiging isang *military alliance* ay nakakatulong din ang SEATO sa iba pang mga aspekto at pangangailangan ng iba't-ibang bansa. Halimbawa ay ang *SEATO's Committee of Information, Culture, Education, and Labor Activities* na nakatulong sa iba't-bang aspekto sa mga bansang kasapi nito; ilang ehemplo nito ay ang pagkakaroon ng *Vocational Industry Textile Training Project* sa *Marikina School of Arts and Trade* noong 1961 at pagsasanay ng mga siyentipiko ng *Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration* (PAGASA) sa *Meteorological Telecommunications Project* noong 1962. Naitatag din ang isa sa mga

[31] Damien Fenton, *To Cage the Red Dragon: SEATO and the Defence of Southeast Asia, 1955-1965* (Singapore University Press, 2012), 4, 73-77, 248.

pinakamatatag ng institusyon ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa, ang *National Defense College of the Philippines* na nagbibigay ng propesyunal at akademikal na pagsasanay sa mga sibilyan at mga sundalo na nagnanais na maging kabahagi ng nasabing kagawaran at mga sundalong nagnanais na magkaroon ng espesyalisasyon. Naitatag din ang *Mutual Defense Council* sa pagitan ng US at Pilipinas sa kasunduan sa pagitan nina Carlos P. Garcia at *U.S. Secretary* John Foster Dulles. Kung saan nakuha ng Pilipinas ang kasiguruhan na susuportahan at tutulungang palakasin ng Estados Unidos ang Hukbong Sandatahan ng Pilipinas.[32]

Umani ng napakaraming kritisismo ang nasabing alyansa sa mga pinuno sa mundo gaya nina Sukarno ng Indonesia at Jawaharlal Nehru ng India na nagsabi na ang *SEATO* ay galamay at *paper tiger* ng imperyalistang Estados Unidos sa Asya. Pinuna naman ng ilan ang SEATO bilang isang organisasyong walang tunay na ideolohikal at awtonomiya sapagkat ito'y pinamumunuan ng mga bansa na wala naman sa heograpikal na rehiyon ng Timog-Silangang Asya.

Taong 1972 ay umalis ang Pakistan sa alyansa matapos lumaya ang silangang bahagi ng kanilang teritoryo at itinakda ang kanilang kalayaaan at pag-iral bilang isang nagsasarili at malayang bansa ng Bangladesh. Nang tumigil ang Pransya, United Kingdom, at Australia sa pagbibigay ng pinansyal na ayuda ay unti-unti nang humina ang organisasyon at matapos ang isang kumperensya at *military drills and excercises* gamit ang mga *fighter jets* ng mga kasaping bansa ay tuluyan nang nagwakas ang nasabing alyansa noong ika-30 ng Huyo taong 1977.[33]

## Ang Tugon ng Pilipinas at Ikatlong Mundo sa Neokolonyalismo

Bagamat hinati at nilimita ng *Cold War* ang mundo sa dalawang nagbabanggaang puwersa ay hindi maikakaila ang pag-iral ng mga nasa Ikatlong Mundo na siyang naiipit sa tunggalian. Bagamat lumaya na ang mga bansa sa kamay ng mananakop nito ay hindi maitatanggi

[32] South East Asia Treaty Organization, *Manila Pact and Pacific Charter* (1965), 5-10.

[33] Leszek Buszynski, *SEATO, The Failure of an Alliance Strategy* (Singapore University Press, 1983), 167-171.

ang patuloy na pangingialam ng mga makakapangyarihang bansa sa mga bagong tatag na pamahalaan mula sa Ikatlong Mundo, halimbawa ang dominasyon ng Estados Unidos sa Asya Pasipiko at ang lantaran at puwersahang pamimilit ng awtorisasyon at gahum ng *Soviet Union* (USSR) sa Silangang Asya at mga bansa sa silangang bahagi ng Europa.

Nagkaroon ng tunggalian ang Estados Unidos at Soviet Union sa Africa, at iba pang bahagi ng daigdig. Sa pagtutulungan ng India, Pakista, Burma (Myanmar), Ceylon (Sri Lanka), Indonesia, at mga bansa mula sa Africa ay napagdesisyunan na lumikha at magsagawa ng isang kumperensya na tatalakay sa mga isyu at problemang kinakaharap ng *Third World countries* gaya ng diskriminasyon, panghihimasok ng mga imperyalista sa pulitika at ekonomiya, pagkasangkot sa mga digmaan, ang gahum na kolonyal na nasa isip at diwa ng mga mamamayan, ang panggigipit at paglapastangan sa panloob at panlabas na soberanya ng mga bansa, at marami pang iba.

Napagkasunduang gawin ang kumperensya sa Bandung, Indonesia sa ika-18 ng Abril at dadaluhan ng 29 na bansa at ng Tsina bilang tagapagpadaloy. Layunin nitong bigyang boses ang mga *Third World country* at ang karapatan nila upang pamunuan ang kani-kanilang mga sarili at magkaroon ng *independent foreign policy*, isang layunin na ninanais makamit ng administrasyong Magsaysay. Kung kaya't aktibong nakilahok dito ang Pilipinas at nagpadala ng mga emisaryo upang makiisa sa mga nasabing layunin.[34]

Isa sa mga naging ambag nito'y ang pagtulong sa pagkalikha ng *Afro-Asian People's Solidarity Organisation* (AAPSO) na naglalayong ipalaganap ang mga ideya ng *isolationism*, *national liberation* at *Third World solidarity* isang hakbang na bihirang gawin ng mga *Third World country* na sinasabing dinidiktahan lamang ng mga bansa mula sa *First World* at *Second World countries.* Ito ang nagbukas ng pormal na usapan ukol sa pagkakatatag ng *Non-Alligned Movement* na naglalayong ipakita ang kakayahan ng mga *Third World* na pamunuan ang kani-kanilang bansa kahit na wala o kaya naman ay limitado ang suporta na natatanggap mula sa mga kanluranin at mga dayuhang pamahalaan. Patuloy na umiiral hanggang sa kasalukuyan ang nasabing organisasyon.

[34] Eric Lerais, "Bandung 1955: Little Histories" mula sa *Australian Journal of International Affairs* tomo 67, blg.4 (2013): 552-554.

Bagamat isang makasaysayang kaganapan ay tumanggap din ng kritisismo ng organisasyon bilang isang organisasyon ng *Eastern Bloc* matapos na irepresenta ni Premier Zhou Enlai ang People's Republic of China. Hindi nito tuwirang nagampanan ang kanyang mga aspirasyon dahil sa walang *police power* ang organisasyon at mahihinang ekonomiya na siyang pumigil sa sistema ng *financial assitance* sa mga kasaping bansa. Hanggang sa kasalukuyan ay makikita pa din ang hegemonya ng mga dayuhan sa pang-ekonomikong aspekto sa porma ng mga *transnational companies* at *multi-national companies,* at sa pampulitikal at pang-militar na aspeto sa pamamagitan ng mga *military assistance* at *military intervention* ng mga makapangyarihang bansa sa *Third World countries.* Hanggang sa kasalukuyan ay makikita pa din ang laganap na diskriminasyon at pagtatangi ng lahi partikular na sa mga Aprikano at mga Asyano na napapadpad sa iba't-ibang bahagi ng mundo.[35]

## KONKLUSYON

Kinaharap ng administrasyon ang iba't-ibang mga problema na sumubok sa katatagan nito at kahusayan ni Magsaysay bilang isang pinuno. Kaiba sa mga naunang pangulo, si Magsaysay ay isang karismatikong pinuno na minahal ng masa dahil sa kanyang pagiging payak at sa pagkakaroon ng mga katangian ng isang ideyal na pinuno. Ang kanyang mga aksyon at solusyon sa mga problema ay praktikal. Malinaw niyang binigyan ng diin ang saysay ng pagtutulungan ng mga mamamayan at pamahalaan upang makamit nito ang kanilang mga tunguhin.

Sa kanyang panahon ay makikita ang pagtatangka ng mga Pilipino na kamitin ang karapatan nito na pamunuan ang kanilang sariling pamahalaan at lutasin ang sarili nitong mga problema bagamat hindi maikakaila na nagkakaroon ng isang *dependent freedom* at *dependent democracy* ang mga Pilipino. Ninanais ng mga Pilipino na lumaya subalit kinakailangan pa rin ng tulong mula sa Estados Unidos sa maraming aspekto.

Si Magsaysay ang isa sa mga pinakakilala at hinahangaang personalidad sa kasaysayan ng bansa. Siya ang *Guy* at kampeon ng

[35] Richard Wright, *The Color Curtain: A Report on the Bandung Conference* (University of Mississippi Press, 1956), 174-176.

masa na tatatak sa isipan at diwa ng mga mamamayan nito. Isa naman siyang populista, *crass politician,* o kaya naman ay *American lapdog.* Bagamat maagang nagwakas ang kanyang buhay ay masasabing sapat na ang kaniyang mga panahong ginugol upang gampanan ang kanyang tungkulin upang ilagay ang kanyang ngalan sa kasaysayan na hindi malilimutan ng kanyang mga kababayan.

## MGA SANGGUNIAN


Abueva, Jose. *Ramon Magsaysay: "Servant Leader" with a Vision of Hope.* Ramon Magsaysay Award Foundation and Center for Leadership, Citizenship, and Democracy, NCPAG-UP, 2012.

Agoncillo, Teodoro A. *Malolos: The Crisis of the Republic*. C and E Publishing Inc., 1990.

Baclagon, Uldarico. *Military History of the Philippines*. Saint Mary's Pub, 1975.

Buszynski, Leszek. *SEATO, The Failure of an Alliance Strategy.* Singapore University Press, 1983.

Calderon, Aurelio. *The Laurel-Langley Agreement: A Critically Annotated and Selected Bibliography.* De La Salle University Press, 1979.

Carlos, Corina. *The Philippine Army: The First 100 Years.* Headquarters Philippine Army, 1997.

Catalan, Primitivo M. *Philippine Military Policy and Strategy, 1896-1971.* Office of Military History, GHQ, AFP, 1972.

Fenton, Damien. *To Cage the Red Dragon: SEATO and the Defence of Southeast Asia, 1955-1965.* Singapore University Press, 2012.

Francisco, Rino. *Magsaysay and the AFP: A Historical Case Study of Military Reform and Transformations.* AFP Office of Strategic and Special Studies Digest, 2013.

Garcia, Lydia. *Mga Pangulo ng Pilipinas*. Anvil Publishing Inc., 1999.

*Gleeck, Lewis. The Third Republic.* New Day Publishers, Quezon City, 1993.

Gloria, Glenda. *The Enemy Within: An Inside Story in Military Corruption*. Public Trust Media Group, 2011.

Greenberg, Lawrence P. *The Hukbalahap Insurrection: A Case Study of a Successful Anti-Insurgency Operation in the Philippines, 1946-1955.* U.S. Army Center of Military History, 2005.

Headquarters Philippine Army. *Kawal, Pilipino; The Soldiers of the Philippines*. Infiniti-1 Productions, 1995.

Karnow, Stanley. *In Our Image: America's Empire in the Philippines*. Ballantine Books, 1989.

Kerkvliet, Benedict J. Tria. *The HUK Rebellion: A Study of the Peasant Revolt in the Philippines.* Ateneo de Manila University Press, 2014.

Magno, Alexander R. *"*A Nation Reborn*". Vol. 9 of Kasaysayan : The Story of the Filipino People.* New York, Asia Publishing Co., 1998.

Mariano, Gen. Clemente P. "Toward a Credible, Relevant, Trusted AFP." *Philippine Free Press*, (June 12, 1998): 63-65.

Manahan, Manuel P. "Biographical Tribute to Ramon Magsaysay." *Reader's Digest* November issue (1987).

Nemenzo, Eldon Luis G., and Guillermo Molina. *The Philippine Air Force Story.* The Office, 1992.

Pobre, Cesar P. *History of the Armed Forces of the Filipino People*. New Day Publishers, 2000.

San Pablo, Aileen Baviera, and Lydia N. Yu-Jose. *Philippine External Relations: A Centennial Vista.* Foreign Service Institute, 1998.

Shalom, Stephen Rosskamm. *The United States and the Philippines: A Study of Neocolonialism*, 60-65. Philadelphia, Penn.: Institute for the Study of Human Issues, 1981.

Simbulan, Roland. *The CIA's Hidden History in the Philippines*. University of the Philippines Press, 2000.

Suhrke Astri. "US-Philippines: The End of a Special Relationship." *The World Today* 31, no. 2 (1975).

Uckung, Peter Jaynul Villanueva. *Reforming the AFP Magsaysay's Foundation Theory in Neutralizing Insurgency.* National Historical Commission of the Philippines, 2012.

Wright, Richard. *The Color Curtain: A Report on the Bandung Conference.* University of Mississippi Press, 1956.

Zaide, Sonia. *The Philippines: A Unique Nation with People Power Two Supplement.* All-Nations Publishing, 1999.

MGA ARTIKULO AT PAG-AARAL

Bridgewater, Grant. *Philippine Information Operations During the Hukbalahap Counterinsurgency Campaign.* Joint Operations Information Center, 1999.

De Viana, Agusto V. *What They Say About RM*. National Historical Commission of the Philippines, 2012.

Estrella, Conrado F. "Remember Magsaysay". *Manila Daily Bulletin*, August 31, 1987. Accessed on 2018.

Lerais, Eric. "Bandung 1955: Little Histories". *Australian Journal of International Affairs* 67, blg.4 (2013).

Norwitz, Jeffrey H. *Armed Groups: Studies in National Security, Counterterrorism, and Counterinsurgency.* Government Printing Office, 2008.

Magsaysay, Ramon. "First State of the Nation Address", January 25, 1954. *Official Gazette of the Republic of the Philippines* (1954), https://www.officialgazette.gov.ph/1954/01/25/ramon-magsaysay-first-state-of-the-nation-address-january-25-1954/ (accessed 2018).

__________. "Press Statement: President Magsaysay on the Signing of the Reparations Agreement between the Philippines and Japan", May 9, 1956. *Official Gazette of the Republic of the Philippines* (1954),

*https://www.officialgazette.gov.ph/1956/05/09/press-statement-president-magsaysay-on-the-signing-of-the-reparations-agreement-between-the-philippines-and-japan/* (accessed *2018).*

Reyno, Ma. Cielito G. *Ramon F. Magsaysay from Anti-Communists Fighter to Warrior Against Poverty*. National Historical Commission of the Philippines, 2012.

Schirmer, Daniel B. *The Philippines Reader: A History of Colonialism, Neocolonialism, Dictatorship, and Resistance.* South End Press, 1987.

South East Asia Treaty Organization. *Manila Pact and Pacific Charter,* 1965.

Valeriano, Napoleon D., and Charles T.R. Bohannan. *Counter-guerilla Operations: The Philippine Experience.* Greenwood Publishing Group, 2006.

## HINGGIL SA MAY AKDA

Si JEREMIAH JULIAN MONTEJO ay nagtapos ng BA History sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas- Manila (PUP), Siya ay naging intern sa Armed Forces of the Philippines Museum sa Kampo Aguinaldo sa lungsod ng Quezon, Kasalukuyang ingat-yaman ng Caloocan Historical and Cultural Studies Association. Kasamang may-akda at Kasamang patnugot ng aklat na Metodolohiyang Pangkasaysayan (2019). Nakatuon ang kanyang pananaliksik sa Kasaysayan ng bansang Hapon, Kasaysayang Pang- Militar at sa Kasaysayan ng mga Kilusang Popular at milenaryan sa Pilipinas.